IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# PAGSUSURI SA KASANAYAN SA PAGSULAT NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 8: BATAYAN SA PAGBUO NG MODYUL SA PAGSULAT NG SANAYSAY

Lorelyn G. Galicia

*Graduate School, Bataan Peninsula State University, City of Balanga, Bataan Philippines*

## ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang masuri ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Baitang 8 ng Mariveles National High School–Poblacion, Taong Panuruan 2025–2026, bilang batayan sa pagbuo ng modyul na nakatuon sa pagpapalakas ng kanilang kakayahan sa akademikong pagsulat. Gumamit ang pananaliksik ng convergent parallel mixed method na may dalawang pangkat ng respondente: mga mag-aaral at mga guro sa Filipino 8. Layunin nitong sagutin ang mga katanungan hinggil sa antas ng kasanayan sa limang salik ng pagsulat, mga suliranin at hamon na nararanasan ng mga mag-aaral, kalakasan at limitasyon ng mga gabay sa pagtuturo, mga isyu at trend sa literatura, at disenyo ng modyul na bubuuin at beripikahin ng mga eksperto. Lumabas sa resulta na ang kabuoang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ay nasa *katamtamang antas*. Pinakamataas ang mekaniks, samantalang pinakamababa ang talasalitaan at ekspresyon. Natukoy ang mga pangunahing suliranin gaya ng kakulangan sa gramatika, limitadong bokabularyo, mahinang organisasyon ng ideya, at kakulangan sa pagpapalawig ng paksa. Sa pagsusuri ng mga lesson exemplar sa Filipino 8, lumitaw na bagama't nakaayon ang mga ito sa Matatag na kurikulum, kulang ang tahasang pagtuturo ng mga salik ng pagsulat at scaffolding sa proseso. Sa pag-aanalisa ng mga literatura, napatunayan na ang kahinaan sa pagsusulat ay sistemiko at nangangailangan ng mas komprehensibong interbensyon. Batay sa mga natuklasan, binuo ang isang modyul na nakatuon sa tahasang pagtuturo ng gramatika at bokabularyo, malinaw na yugto ng proseso ng pagsulat, at balanseng pagtuturo ng porma at nilalaman. Matapos ang beripikasyon ng mga eksperto, napatunayang ang modyul ay angkop, balido, at may mataas na potensyal bilang epektibong kagamitang panturo sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino.

**Keywords:** *Akademikong Pagsulat, Kasanayang Pangwika, Matatag na Kurikulum, Modyul Sa Filipino, Sanaysay*

## PANIMULA

Sa kasalukuyang panahon ng globalisasyon at makabagong teknolohiya, higit na pinagtitibay ang pangangailangan ng mataas na kasanayan sa komunikasyon ng bawat mag-aaral, lalo na sa pagsulat. Ang kakayahang pasulat ay nagsisilbing pundasyon ng kritikal na pag-iisip, lohikal na pagpapahayag, at makabuluhang pakikipagtalastasan na kinakailangan sa iba't ibang larangan ng buhay. Gayunpaman, nananatiling hamon para sa maraming mag-aaral ang pagsulat ng sanaysay dahil sa kakulangan sa organisasyon ng ideya, limitadong bokabularyo, at kawalan ng tiwala sa sariling kakayahan.

Binibigyang-diin ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO, 2021) na ang kasanayang pasulat ay hindi lamang mahalaga sa tagumpay sa akademiko kundi sa pakikilahok sa lipunan bilang isang aktibong mamamayan. Sa pandaigdigang konteksto, ang mataas na *literacy rate* ay nagpapahiwatig ng kahandaan ng isang bansa na makisabay sa mga hamon ng ika-21 siglo. Ang pagsulat, ayon sa UNESCO, ay isang kasanayang nagbubukas ng oportunidad para sa mas malawak na partisipasyon sa ekonomiya, kultura, at politika.

Samantala, sa Pilipinas, kinikilala ng Department of Education (2022) ang pagsulat bilang pangunahing kasanayan na dapat linangin upang maisulong ang kalidad ng edukasyon. Batay sa layunin ng *Basic Education Development Plan 2030*, nakapaloob sa mga programa ng DepEd ang pagpapalakas ng kasanayan sa komunikasyon upang matiyak na ang mga mag-aaral ay handang makibahagi sa makabagong lipunan. Ang pagsulat ay nakikita bilang susi sa paghubog ng mga mamamayang may kakayahang magpahayag ng kanilang saloobin sa makatao at makabuluhang paraan.

Sa kabila ng mga hakbang upang mapabuti ang kasanayang ito, nananatiling hamon ang mababang antas ng pagsulat ng mga mag-aaral sa buong bansa. Ayon sa Southeast Asia Primary Learning Metrics (SEA-PLM) noong 2019, anim na porsyento lamang ng mga mag-aaral sa Pilipinas ang nakaabot sa *minimum proficiency level* sa pagsulat. Ipinapakita ng ulat na ito ang mababang antas ng kakayahang pasulat ng mga mag-aaral, na pinalalala pa ng kakulangan sa kasanayang gramatikal, retorikal, at organisasyon ng kaisipan (UNICEF & SEAMEO, 2020).

Sa lokal na antas, napag-alaman nina Saavedra at Barredo (2020) na madalas na suliranin ng mga mag-aaral ay ang wastong gamit ng salita, pagbabaybay, at pagbubuo ng lohikal na pangungusap—mga pangunahing sangkap sa epektibong pagsulat. Ang mga kahinaang ito ay nagiging hadlang sa malinaw na pagpapahayag ng kanilang ideya at nakaaapekto sa kalidad ng kanilang mga sanaysay. Dahil dito, kinakailangan ang masusing interbensyon sa pamamagitan ng mga modyul at estratehiya sa pagtuturo upang matulungan silang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat.

Bunga nito, layunin ng pananaliksik na ito na masuri ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 8 ng Mariveles National High School–Poblacion. Partikular na tututukan ng pananaliksik ang mga aspekto ng gramatika at retorika gaya ng gramatika, organisasyon, ideya at nilalaman, mekaniks (bantas at pagbabaybay) at talasalitaan at ekspresyon. Nais ding matukoy kung aling bahagi sa kasanayang pasulat ang higit na kailangang pagtuunan ng pansin. Sa huli, layunin din ng pag-aaral na makabuo ng isang modyul na magiging batayang gabay ng mga guro at mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon sa wikang Filipino.

Ang modyul na bubuoin batay sa resulta ng pag-aaral ay inaasahang makatutulong sa pagpapabuti ng estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat. Ayon kina Delos Reyes at Dela Cruz (2021), ang paggamit ng lokal at kontekstuwalisadong materyales ay mas epektibo sa pagtuturo ng wika dahil mas malapit ito sa karanasan at konteksto ng mga mag-aaral. Bukod dito, magiging kapaki-pakinabang din ito sa mga mag-aaral bilang praktikal na gabay sa pagsusulat upang mas mahasa ang kanilang kasanayan sa lohikal at malinaw na pagpapahayag ng ideya. Sa pamamagitan nito, nagiging mas sistematiko ang pagtuturo at pagkatuto ng pagsulat sa silid-aralan.

Bagamat may ilang naunang pag-aaral na tumatalakay sa suliranin sa pagsulat, karamihan sa mga ito ay nakatuon sa pangkalahatang pagsusuri at hindi nagbibigay ng tiyak na interbensyon o materyales gaya ng modyul na maaaring gamitin sa aktuwal na pagtuturo. Halimbawa, sa pag-aaral ni Lopez (2020), tinukoy ang mga karaniwang pagkakamali ng mga mag-aaral sa gramatika ngunit walang kalakip na mungkahing materyal na maaaring gamitin ng mga guro sa pagtuturo. Sa ganitong kalagayan, nananatiling malaki ang agwat sa pananaliksik hinggil sa kontekstuwal na pagsusuri at interbensyon para sa kasanayang pasulat sa mga pampublikong paaralan partikular sa larangan ng Filipino sa antas ng Junior High School.

Kaugnay nito, batay sa *mean percentage score* (MPS) ng Ikalawang Markahang Pagsusulit sa Filipino 8 sa Taong Panuruan 2024–2025, lumabas na ang pinakamahinang kasanayan na hindi gaanong nalinang sa mga mag-aaral ay ang “Nakabubuo ng isang ganap na sanaysay na nagpapakita ng organisadong ideya.” Samakatuwid, malinaw na may pangangailangang magsagawa ng isang masusing pag-aaral upang matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kahinaan ng mga mag-aaral sa kasanayang ito. Higit pa rito, kinakailangan ding makabuo at makapagpatupad ng isang angkop at makabuluhang modyul na tutugon sa nasabing suliranin, nang sa gayon ay mapaunlad ang kanilang kakayahan sa maayos at organisadong pagsulat ng sanaysay.

Dahil dito, ang pananaliksik na ito ay itinuturing bilang tugon sa umiiral na pangangailangan ng mga guro at mag-aaral sa kontekstong lokal. Ang Mariveles National High School–Poblacion ay kinakatawan ng mga mag-aaral mula sa iba’t ibang antas ng kakayahang akademiko kaya’t nangangailangan ng interbensyong akma sa kanilang aktuwal na konteksto. Ang modyul ay magsisilbing konkretong tulong sa pagpapahusay ng pedagogical approach sa pagtuturo ng Filipino kasabay ng layunin ng DepEd (2022) na palakasin ang batayang kasanayan sa wika, pagbasa, at pagsulat bilang pundasyon ng mas mataas na antas ng pagkatuto.

Hindi lamang ang mga guro at mag-aaral ang makikinabang sa pananaliksik na ito, kundi pati ang mas malawak na komunidad ng edukasyon sa Mariveles. Sa pagbibigay-linaw sa mga partikular na suliranin at pagbibigay-solusyon sa pamamagitan ng isang praktikal na modyul sa pagsulat ng sanaysay sa mga mag-aaral sa ikawalong baitang. Ang modyul ay hindi lamang nakatuon sa teknikal na aspekto ng pagsulat, kundi nagbibigay-diin din sa paglinang ng kritikal na pag-iisip, organisasyon ng ideya, at malikhaing pagpapahayag. Sa pamamagitan nito, nagiging mas sistematiko ang proseso ng pagkatuto at mas madaling masusubaybayan ng guro ang pag-unlad ng bawat mag-aaral. Gayundin, inaasahang mas mapalalalim ang ugnayan ng teorya at praktika sa pagtuturo ng wika. Ayon kina Francisco at Aguilar (2023), ang epektibong pagtuturo ng komunikasyon ay may tuwirang epekto sa tagumpay ng mag-aaral sa loob at labas ng paaralan. Sa ganitong paraan, maisusulong ang layunin ng edukasyon—ang paghubog ng mga responsableng mamamayang may kakayahang makipagtalastasan sa lohikal, makatao, at makabuluhang pamamaraan.

### Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masuri ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ng Baitang 8 sa Mariveles National High School–Poblacion Taong Panuruaan 2025-2026 bilang basehan sa pagbuo ng modyul sa pagsulat ng sanaysay na makapaglalantad ng mahahalagang impormasyon at makasasagot sa mga sumusunod na katanungan ng pananaliksik:

1. Paano mailalarawan ang antas ng kasanayan ng mag-aaral sa pagsulat batay sa mag sumusunod na salik:
    1.1 gramatika;
    1.2 organisasyon;
    1.3 ideya at nilalaman;
    1.4 mekaniks (bantas at pagbabaybay); at
    1.5 talasalitaan at ekspresyon?
2. Ano-ano ang mga suliranin at hamon na nararanasan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsulat ng komposisyon?
3. Ano-ano ang mga kalakasan at limitasyon ng gabay sa pagtuturo na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo?
4. Ano-ano ang mga pangunahing isyu at trend na tinatalakay sa mga pag-aaral at literatura hinggil sa pagsulat ng komposisyon?
5. Anong disenyo ng modyul ang mabubuo batay sa mga natuklasan mula sa empirikal at teoretikal na pag-aaral?
6. Anong disenyo ng modyul ang nalikha matapos ang beripikasyon ng mga eksperto?

## PAMAMARAAN

Ang pag-aaral ay gumamit ng *convergent parallel mixed method design* kung saan sabay na kinalap at sinuri ang kwantitatibo at kwalitatibong datos upang makabuo ng mas

komprehensibong interpretasyon. Ginamit ang kwantitatibong datos mula sa puntos ng mga mag-aaral batay sa rubrik sa pagsusulat ng pormal na sanaysay habang ang kwalitatibong datos ay nagmula sa mga panayam, *documentary analysis* upang suriin ang kalakasan at limitasyon ng mga *lesson exemplar* sa Filipino 8 at upang masuri ang literatura kaugnay ng mga isyu at tren sa pagsulat gamit ang *literatue review matrix*. Ang disenyo ay naging angkop sa pag-aaral sapagkat nakatulong ito upang masuri hindi lamang ang antas ng kasanayan sa pagsulat kundi maging ang mga karanasan at pananaw na may kaugnayan dito, na nagsilbing matibay na batayan sa pagbuo ng modyul. Ang lahat ng puna at rekomendasyon ay ginamit sa rebisyon hanggang sa mabuo ang pinal na prototype.

## Mga Kalahok at Sampling Teknik

Gumamit ng *stratified random sampling* sa unang pangkat ng respondente at *purposive samping* naman sa ikalawa. Ang stratified random sampling ang ginamit na teknik sa pagpili ng mga kalahok upang matiyak na bawat seksyon sa ikawalong baitang ng Mariveles National High School–Poblacion ay kinakatawan. Limang (5) mag-aaral mula sa bawat isa sa sampung (10) seksyon ang pinili sa paraang random na may layuning makuha ang mas tumpak at balanse na pananaw hinggil sa antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.

Ang mga gurong kalahok sa pananaliksik na ito ay pinili naman gamit ang *purposive sampling* batay sa mga sumusunod na pamantayan: sila ay kasalukuyang nagtuturo ng Asignaturang Filipino sa baitang 8 sa Mariveles National High School–Poblacion at Mariveles National High School–Cabcaben, may hindi bababa sa dalawang (2) taong karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa Junior High School, bukas sa pakikilahok sa panayam hinggil sa karanasan sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay, at may sapat na kaalaman sa mga suliranin at hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa larangang ito.

## Mga Instrumento

Apat na pangunahing instrumento ang ginamit sa pag-aaral. Una ay ang rubrik sa pagsulat upang masukat ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral batay sa gramatika, organisasyon, ideya, mekaniks, at talasalitaan. Ikalawa ay ang semi-structured interview guide para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino 8 upang matukoy ang mga suliranin at hamon sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Ikatlo ay ang *documentary analysis checklist* na ginamit upang suriin ang kalakasan at limitasyon ng mga *lesson exemplar* sa Filipino 8 batay sa nilalaman, kompetensi, pagsasanay, pagtataya, at iba pang aspekto ng Matatag na Kurikulum. Ikaapat ay ang *literature review matrix* na ginamit upang maisaayos at masuri ang mga lokal at internasyonal na literatura kaugnay ng mga isyu at trend sa pagsusulat ng komposisyon. Bukod dito, ginamit din ang Talaan ng Pagsusuri para sa Nalimbag na Sanggunian upang mapatunayan ng mga eksperto ang kalidad, bisa, at kaangkupan ng nabuong modyul sa pagsulat ng sanaysay.

### Paraan ng Pagkalap ng Datos

Isinagawa ang pagkalap ng datos sa ilang yugto. Una, humingi ng pahintulot at sinunod ang mga etikal na pamantayan sa pananaliksik. Ikalawa, pinasulat ang mga mag-aaral ng pormal na sanaysay na sinuri gamit ang rubrik sa pagsulat. Ikatlo, nagsagawa ng panayam sa mga gurong nagtuturo ng Filipino 8 upang matukoy ang mga suliranin at hamon sa pagsusulat. Ikaapat, sinuri ang mga *lesson exemplar* bilang kagamitang panturo gamit ang documentary analysis checklist. Ikalima, nagsagawa ng pagsusuri ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral gamit ang literature review matrix. Matapos nito, pinagsama at sinuri ang lahat ng nakalap na datos upang maging batayan sa pagbuo ng modyul sa pagsulat ng sanaysay.

### Paraan ng Pagsusuri ng Datos

Ang mga sanaysay ng mga mag-aaral ay sinuri gamit ang rubrik sa pagsulat ng dalawang guro mula sa baitang 8 kabilang ang mananaliksik at inanalisa sa pamamagitan ng descriptive statistics tulad ng *mean, frequency*, at *standard deviation* upang matukoy ang antas ng kasanayan sa gramatika, organisasyon, ideya at nilalaman, mekaniks, at talasalitaan. Ang mga panayam ay inanalisa sa pamamagitan ng pagsusuring tematikal upang matukoy ang mga suliranin at hamon sa kasanayang pasulat. Samantala, ang mga nakalap na literatura ay sinuri gamit ang *literature review matrix* upang matukoy ang mga pangunahing tema, isyu, at trend sa pagsusulat. Ang *documentary analysis checklist* naman ay ginamit upang suriin ang kaangkupan at kalidad ng mga *lesson exemplar* batay sa itinakdang pamantayan. Ang lahat ng resulta ng pagsusuri ay nagsilbing batayan sa pagbuo at rebisyon ng modyul sa pagsulat ng sanaysay.

## RESULTA

### Bahagi I. Antas ng Kasanayan ng Mag-aaral sa Pagsulat

**Talahanayan 1**
**Antas ng Kasanayan sa Pagsulat**

| Indicators | Mean | SD | Descriptive Interpretation |
|---|---|---|---|
| Gramatika | 2.84 | 0.98 | Katamtaman |
| Organisasyon ng Kaisipan | 2.82 | 1.21 | Katamtaman |
| Ideya at Nilalaman | 3.30 | 1.27 | Katamtaman |
| Mekaniks | 3.38 | 1.12 | Katamtaman |
| Talasalitaan at Ekspresyon | 2.72 | 1.11 | Katamtaman |
| **Kabuoang Antas** | **15.06** | **5.35** | **Katamtaman** |

Ang kasanayan sa pagsulat ng mga kalahok sa iba't ibang aspekto ay nasa katamtamang antas (Mean=15.06). Makikita din na ang mga mag-aaral ay may katamtamang antas ng kasanayan sa lahat ng salik, kung saan ang mekaniks (Mean=3.38) ang may pinakamataas, sinusundan ng ideya at nilalaman (Mean=3.30), gramatika (Mean=2.84), organisasyon ng kaisipan (Mean=2.82), talasalitaan at ekpresyon (Mean=2.72).

Ipinakita ng resulta na may batayang kasanayan ang mga mag-aaral sa pagsulat, partikular sa gramatika, organisasyon ng kaisipan, ideya at nilalaman, at mekaniks. Gayunpaman, nakitaan pa rin ng ilang kahinaan sa wastong paggamit ng gramatika, lohikal na pagdaloy ng kaisipan, at pagpapalawak ng talasalitaan at ekspresyon. Pinakamataas ang antas sa mekaniks, samantalang pinakamababa naman sa talasalitaan at ekspresyon. Ipinapakita nito na kinakailangan pa rin ng mas masusing pagsasanay at patuloy na paggabay upang higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pormal na pagsulat.

**Bahagi II. Suliranin at Hamon na Nararanasan ng mga Mag-aaral sa Larangan ng Pagsulat ng Sanaysay**

Batay sa panayam, lumitaw na pangunahing suliranin ng mga mag-aaral sa pagsulat ang kakulangan sa wastong gramatika at balarila, limitadong bokabularyo, at kahinaan sa organisasyon ng mga ideya. Natukoy na madalas silang magkamali sa baybay, bantas, at paggamit ng mga salita kaya nagiging hindi malinaw at magulo ang kanilang mga sanaysay. Bukod dito, nahihirapan din silang magpalawak ng paksa at makabuo ng lohikal na daloy ng kaisipan dahil sa kakulangan sa ideya at kaalaman. Lumabas din sa panayam na mas sanay ang mga mag-aaral sa pasalitang komunikasyon kaysa pormal na pagsulat kaya nagiging impormal at kolokyal ang kanilang paraan ng pagpapahayag. Isa rin sa nakikitang dahilan ng mababang kasanayan sa pagsulat ay ang kakulangan sa interes sa pagbabasa at limitadong pagsasanay sa pagsulat. Kaugnay nito, dapat na bigyang-diin ng mga guro ang kahalagahan ng regular na pagsasanay, malinaw na paggabay, at pagbibigay ng *feedback* upang higit na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat.

**Bahagi III. Kalakasan at Limitasyon ng mga Gabay sa Pagtuturo na Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsulat ng Sanaysay**

Sa pagsusuri ng *learning exemplar* sa Filipino 8, natukoy na may mahahalagang kalakasan at limitasyon ang mga gabay sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay. Kabilang sa mga kalakasan nito ang malinaw na pagkakahanay sa Matatag na Kurikulum, paggamit ng mga kontekstuwal na teksto, pagkakaroon ng malinaw na layunin at pamantayan sa pagtataya, at pagsasama ng mga gawaing humihikayat sa malikhaing pagpapahayag at paggamit ng teknolohiya. Ang mga aspektong ito ay nagsisilbing gabay ng mga guro upang maging organisado at makabuluhan ang pagtuturo ng pagsulat. Gayunpaman, lumitaw din ang ilang limitasyon tulad ng kakulangan sa tahasang pagtuturo ng gramatika, organisasyon ng ideya, mekaniks, at talasalitaan, gayundin ang kakulangan ng malinaw na gabay sa proseso ng pagsulat tulad ng brainstorming, pagbuo ng borador, rebisyon, at editing. Higit ding nakatuon ang pagtataya sa pinal na produkto kaysa sa patuloy na pag-unlad ng mag-aaral. Dahil dito, nagkakaroon ng agwat sa pagitan ng inaasahang output ng kurikulum at ng aktuwal na kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na bagama't makabuluhan at organisado ang mga gabay sa pagtuturo, kinakailangan pa rin ng mas sistematikong pagtuturo, sapat na scaffolding, at tuloy-tuloy na pagtataya upang higit na malinang ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral.

### Bahagi IV. Pangunahing Isyu at Trend na Tinatalakay sa mga Pag-aaral at Literatura Hinggil sa Pagsulat ng Komposisyon

Mula sa isinagawang pagsusuri sa mga pag-aaral at literatura hinggil sa pagsulat ng komposisyon, lumitaw ang ilang pangunahing isyu at trend sa pagtuturo at pagkatuto ng pagsulat. Natukoy na nananatiling malaganap ang kahinaan ng mga mag-aaral sa organisasyon ng ideya, kohirensiya, lohikal na pagdaloy ng kaisipan, at wastong paggamit ng balarila at mekaniks sa pagsulat. Ipinakita rin ng mga pag-aaral na bagama't kinikilala ang kahalagahan ng pamamaraang nakatuon sa proseso o *process-oriented* na pagtuturo ng pagsulat, higit na nangingibabaw pa rin sa maraming silid-aralan ang *product-based approach* na nakatuon sa pinal na output kaysa sa proseso ng pagbuo, rebisyon, at pagpapahusay ng sulatin. Lumitaw din ang kakulangan ng malinaw at sistematikong gabay sa pagtuturo ng pagsulat na dahilan upang maging mekanikal at nakasentro lamang sa pormat at marka ang mga gawain sa komposisyon. Bukod dito, binigyang-diin ng literatura ang kahalagahan ng kontekstuwalisasyon upang maging mas makabuluhan, kawili-wili, at malapit sa karanasan ng mga mag-aaral ang pagsulat. Sa kabuoan, ipinapakita ng mga resulta na kinakailangan ang mas sistematiko, balanse, at kontekstuwalisadong pagtuturo ng pagsulat upang higit na malinang ang kritikal na pag-iisip, malikhaing pagpapahayag, at akademikong kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay.

### Bahagi V. Disenyo ng Modyul Batay sa mga Natuklasan mula sa Empirikal at Teoretikal na Pag-aaral

Natuklasan mula sa empirikal, teoretikal, at dokumentaryong pagsusuri, nabuo ang disenyo ng modyul na nakatuon sa pagtugon sa mga pangunahing suliranin ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay tulad ng kahinaan sa gramatika, limitadong bokabularyo, mahinang organisasyon ng ideya, at kakulangan sa sistematikong proseso ng pagsulat. Ang modyul ay idinisenyo na may malinaw na estruktura, sunod-sunod na gawain, at *process-oriented* na lapit upang gabayan ang mga mag-aaral sa bawat yugto ng pagsulat mula sa pagbuo ng ideya hanggang sa rebisyon ng sulatin. Nakapaloob din dito ang mga kontekstuwalisado at makabuluhang gawain na naglalayong malinang hindi lamang ang teknikal na kasanayan sa balarila at mekaniks kundi maging ang malinaw, lohikal, at masining na pagpapahayag ng ideya. Sa kabuoan, ang modyul ay nagsisilbing sistematiko at epektibong interbensiyong pedagogikal upang higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino.

### Bahagi VI. Disenyo ng Modyul ang Nalikha Matapos ang Beripikasyon ng mga Eksperto

Ang modyul sa pagsulat ng komposisyon sa Filipino ay binuo bilang tugon sa mga natukoy na suliranin ng mga mag-aaral sa gramatika, organisasyon ng ideya, at pagpapalawig ng paksa. Nakabatay ito sa mga natuklasan mula sa empirikal, teoretikal, at dokumentaryong pagsusuri at binibigyang-diin ang pagsulat bilang isang proseso. Idinisenyo ang modyul alinsunod sa pamantayan ng Kagawaran ng Edukasyon at binubuo ng mga bahaging Alamin, Subukin, Balikan, Tuklasin, Isaisip, Isagawa, at Tayahin upang magsilbing sistematikong gabay sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Layunin

nitong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malinaw, lohikal, at masining na pagsulat ng komposisyon. Upang matiyak ang kalidad at pagiging angkop ng materyal, isinailalim ito sa beripikasyon ng tatlong eksperto sa Filipino kabilang ang isang guro na may MAEd major in Filipino, isang Head Teacher, at isang Master Teacher gamit ang opisyal na Evaluation Rating Sheet para sa PRINT Resources ng Kagawaran ng Edukasyon.

### Kabuoang Resulta

Mula sa pagsusuri, ipinakita ng pag-aaral na bagama't may batayang kasanayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon sa Filipino, nananatili pa rin ang mga kahinaan sa gramatika, organisasyon ng ideya, talasalitaan, at pagpapalawig ng kaisipan. Lumitaw din na ang kakulangan sa sistematikong paggabay, sapat na pagsasanay, at makabuluhang proseso ng pagsulat ay nakaapekto sa kalidad ng kanilang mga sulatin. Ipinakita ng pagsusuri sa mga gabay sa pagtuturo at kaugnay na literatura na higit na nakatuon ang maraming gawain sa pinal na produkto kaysa sa mismong proseso ng paglinang ng kasanayan sa pagsulat. Bilang tugon, nabuo ang isang kontekstuwalisado at process-oriented na modyul na nakatuon sa malinaw na paggabay, scaffolding, at paglinang ng kritikal at malikhaing pagpapahayag. Matapos itong beripikahin ng mga eksperto, napatunayang ang modyul ay maaaring magsilbing makabuluhan at sistematikong interbensiyon upang higit na mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon sa Filipino.

## DISKUSYON

Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na ang mga mag-aaral sa Baitang 8 ng Mariveles National High School–Poblacion ay may katamtamang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino subalit nananatili ang mga kahinaan sa gramatika, organisasyon ng ideya, talasalitaan, at pagpapalawig ng kaisipan. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na bagaman may pundasyon na ang mga mag-aaral sa pagsulat, hindi pa sapat ang kanilang kakayahan upang makabuo ng malinaw, organisado, at makabuluhang sanaysay. Kaugnay nito, umaayon ang natuklasan sa ulat ng SEA-PLM (2019) at UNICEF at SEAMEO (2020) na nagsasabing mababa pa rin ang antas ng kasanayang pasulat ng mga mag-aaral sa Pilipinas lalo na sa organisasyon ng ideya at paggamit ng wastong estruktura ng wika. Pinatutunayan lamang nito na ang suliranin sa pagsulat ay hindi lamang umiiral sa lokal na antas kundi bahagi ng mas malawak na hamon sa sistema ng edukasyon.

Lumabas din sa panayam ng mga guro na ang limitadong bokabularyo, kakulangan sa interes sa pagbabasa, at pagiging mas sanay ng mga mag-aaral sa pasalitang komunikasyon kaysa pormal na pagsulat ay ilan sa mga pangunahing dahilan ng mababang kasanayan sa pagsulat. Binibigyang-kahulugan ng mananaliksik na ang kakulangan sa pagkakaroon ng kasanayan sa makabuluhang babasahin at akademikong diskurso ay may direktang epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo at magpalawak ng ideya. Ang interpretasyong ito ay konsistent sa pag-aaral nina Saavedra

at Barredo (2020) na nagsasabing ang kahinaan sa wastong gamit ng salita, pagbabaybay, at pagbuo ng lohikal na pangungusap ay nagiging hadlang sa malinaw na pagpapahayag ng kaisipan. Gayundin, pinagtitibay ito ng pananaw ni Kim et al. (2021) na nagsasabing ang kalidad ng nilalaman at ideya sa pagsulat ay nakasalalay sa lawak ng karanasan sa pagbasa at kakayahang mag-ugnay ng konsepto. Sa ganitong konteksto, makikita na ang pagsulat ay hindi hiwalay na kasanayan kundi malapit na nakaugnay sa pagbasa, pag-iisip, at karanasan ng mag-aaral.

Sa pagsusuri naman ng mga gabay sa pagtuturo, natuklasang bagaman nakaayon ang mga ito sa Matatag na Kurikulum at may malinaw na layunin at kontekstuwalisadong gawain, kulang pa rin ang mga ito sa sistematikong gabay o *scaffolding* at tahasang pagtuturo ng proseso ng pagsulat. Higit na nakatuon ang mga gawain sa pinal na awtput kaysa sa mga hakbang tulad ng pagpapalitan ng ideya (brainstorming), pagbuo ng burador (drafting), pagrerebisa (revising), at pag-eedit (editing). Binibigyang-diin ng mananaliksik na ang ganitong sitwasyon ay maaaring magdulot ng agwat sa pagitan ng inaasahang awtput ng kurikulum at ng aktuwal na kakayahan ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Graham at Perin (2023) at Coffin et al. (2021) na nagsasabing ang pagsulat ay isang komplikadong prosesong kognitibo na nangangailangan ng malinaw, sunod-sunod, at tuloy-tuloy na paggabay upang maging mabisa ang pagkatuto. Ipinakikita nito na hindi sapat ang pagbibigay lamang ng gawain sa pagsulat kundi kinakailangan ding gabayan ang mga mag-aaral sa bawat yugto ng proseso upang malinang ang kanilang kasanayan.

Samantala, ipinakita sa pagsusuri ng mga kaugnay na literatura na nananatiling dominante sa maraming silid-aralan ang product-based o pokus sa awtput na pananaw sa pagtuturo ng pagsulat. Dahil dito, nagiging labis ang pagtuon sa pormat, mekaniks, at marka kaysa sa aktuwal na paglinang ng kritikal na pag-iisip at malikhaing pagpapahayag. Ang interpretasyong ito ay umaayon sa pananaw ng UNESCO (2021) at DepEd (2022) na ang pagsulat ay hindi lamang teknikal na kasanayan kundi mahalagang kasangkapan sa makabuluhang komunikasyon at aktibong pakikilahok sa lipunan. Gayunpaman, ipinakita rin ng literatura na ang kontekstuwalisado at *process-oriented* na pagtuturo ay higit na nakatutulong upang maging makabuluhan at malapit sa karanasan ng mga mag-aaral ang pagsulat. Kaugnay nito, sinusuportahan ng pag-aaral nina Delos Reyes at Dela Cruz (2021) ang paggamit ng lokal at kontekstuwalisadong materyales sapagkat mas nagiging epektibo ang pagkatuto kapag nakaangkla ito sa aktuwal na karanasan at konteksto ng mga mag-aaral.

Bilang tugon sa mga natuklasang ito, nabuo ang isang pamamaraang nakatuon sa proseso at kontekstuwalisadong modyul sa pagsulat ng komposisyon na nakatuon sa paglinang ng gramatika, organisasyon ng ideya, talasalitaan, at malikhaing pagpapahayag. Ang modyul ay idinisenyo na may malinaw na estruktura at sistematikong gabay o *scaffolding* upang gabayan ang mga mag-aaral sa bawat yugto ng pagsulat. Matapos itong beripikahin ng mga eksperto sa Filipino gamit ang pamantayan ng Kagawaran ng Edukasyon, napatunayang angkop at makabuluhan ito bilang interbensiyong pedagogikal. Sa kabuoan, ipinapakita ng pag-aaral na ang pagpapahusay sa kasanayan sa pagsulat ay nangangailangan ng mas sistematiko, kontekstuwalisado,

at makataong lapit sa pagtuturo—isang lapit na hindi lamang nakatuon sa teknikal na kawastuhan kundi sa paghubog ng kritikal, malikhain, at makabuluhang pagpapahayag ng mga mag-aaral.

## Konklusyon

Ipinakikita ng pag-aaral na ang kahinaan sa pagsulat ng sanaysay ay isang hamong pang-edukasyon na nakaaapekto sa komunikasyon at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Lumitaw na mahalaga ang tuloy-tuloy, sistematiko, at kontekstuwal na pagtuturo ng pagsulat upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika, organisasyon, ideya, mekaniks, at talasalitaan. Ipinakita rin ng pag-aaral na ang nabuong modyul na nakaangkla sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral ay isang epektibong kagamitang panturo na makatutulong sa pagpapahusay ng malinaw, lohikal, at masining na pagsulat. Sa kabuoan, pinatutunayan ng pag-aaral na ang masinsin at patuloy na pagsasanay sa pagsusulat ay mahalaga upang mahubog ang mga mag-aaral na may kakayahang makapagpahayag nang mabisa at makilahok nang aktibo sa lipunan.

## Rekomendasyon

Una, inirerekomenda sa mga guro ng Filipino ang patuloy na paggamit ng mga estratehiya at gawaing magpapalawak sa kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng malinaw na gabay, regular na pagsasanay, at pagbibigay ng feedback sa mga mag-aaral

Ikalawa, iminumungkahi ang integrasyon ng pagtuturo ng gramatika, bokabularyo, brainstorming, graphic organizers, at guided writing upang mapabuti ang organisasyon at lalim ng sanaysay.

Ikatlo, inirerekomenda sa mga tagabuo ng kurikulum ang pagdaragdag ng mas malinaw na gabay sa bawat yugto ng proseso ng pagsulat tulad ng pre-writing, drafting, revising, at editing.

Ikaapat, mahalagang magkaroon ng tuloy-tuloy na pagsasanay at seminar para sa mga guro tungkol sa mabisang pagtuturo ng pagsulat at paglalaan ng sapat na oras para rito sa kurikulum.

Ikalima, iminumungkahi ang pilot testing at implementasyon ng nabuong modyul upang higit na masukat at mapabuti ang bisa nito batay sa puna ng mga guro at mag-aaral.

Ikaanim, inirerekomenda ang paggamit at pagpapalaganap ng modyul sa iba pang paaralan kasabay ng patuloy na pag-angkop nito sa iba't ibang konteksto at pangangailangan ng mga mag-aaral.

## Etikal na Pagsasaalang-alang

Nakakuha ng pormal na pahintulot mula sa Schools Division Office ng Bataan at sa mga mag-aaral, magulang, guro, at punong-guro. Lahat ng kalahok ay tumanggap at pumirma

ng Informed Consent. Ang kanilang paglahok ay boluntaryo, kumpidensyal, at maaaring ihinto anumang oras. Ang lahat ng datos ay ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik.

**Pagsunod sa mga Pamantayang Etikal**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa nang mahigpit na sumusunod sa mga pamantayang etikal sa pananaliksik. Nakakuha ng pormal na pahintulot mula sa Schools Division Office ng Bataan at sa mga punong-guro ng mga paaralang saklaw ng pag-aaral. Lahat ng kalahok ay tumanggap at pumirma ng Informed Consent Form na naglalaman ng layunin, saklaw, at proseso ng pananaliksik. Ipinabatid din na ang kanilang paglahok ay boluntaryo, kompidensyal, at maaaring ihinto anumang oras nang walang negatibong implikasyon. Pinanatili ang anonymity ng mga mag-aaral, guro, mga dalubguro (master teachers) na lumahok, at ang lahat ng datos ay ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik alinsunod sa Data Privacy Act of 2012.

Isinagawa ang mga panayam at balidasyon nang may pangangalaga sa kanilang kapakanan upang matiyak na walang pisikal, emosyonal, o sikolohikal na panganib ang idinudulot sa kanila. Walang umiiral na conflict of interest sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito. Sinunod ang prinsipyo ng akademikong katapatan, kung saan iniwasan ang anumang uri ng plagiarism, at isinagawa ang pagsusuri at interpretasyon ng mga datos nang walang bias. Ang lahat ng resulta ay ginamit lamang para sa layunin ng akademikong pananaliksik. Kung may bahagi ng pagsusulat at pag-edit na ginamitan ng Artificial Intelligence (AI), ito ay ginamit lamang bilang tulong sa pagbuo ng estruktura at ayos ng wika, habang ang nilalaman, pagsusuri, at interpretasyon ng datos ay nanatiling nasa buong pananagutan ng mananaliksik.

**Pasasalamat**

Ang mananaliksik ay nagpapahayag ng taos-pusong pasasalamat sa Schools Division Office – Bataan at sa Distrito ng Mariveles sa pahintulot at suporta sa pagsasagawa ng pag-aaral. Pinasasalamatan din ang mga mag-aaral, magulang, guro sa Filipino at ulong-guro na nagsilbing tagapagbalido at tumulong sa paglinang ng modyul sa masinop na pagsulat ng sanaysay. Gayundin, ipinababatid ang pasasalamat sa pamilya at mga mahal sa buhay sa patuloy na suporta at inspirasyon.

## REFERENCES

Coffin et al. (2021) De Vita, F., Schmidt, S., Tinti, C., & Re, A. M. (2021). The role of working memory on writing processes. Frontiers in Psychology, 12, 738395.
Delos Reyes, R. L., & Dela Cruz, A. A. (2021). Kontekstuwalisadong gamit ng lokal na materyales sa pagtuturo ng Filipino. Dalumat: Journal of Filipino Education, 12(2), 33–49.
Department of Education. (2022). Basic Education Development Plan 2030. https://deped.gov.ph

Francisco, M. L., & Aguilar, R. J. (2023). Epekto ng pedagohiyang makabago sa kasanayan sa wika ng mga mag-aaral. Guro at Gamit Journal, 6(1), 15–30.

Graham, S., & Perin, D. (2023). Effective writing instruction for students in grades 6 to 12: A best evidence meta-analysis. Journal of Educational Psychology, 115(6), 1004–1027.

Kim, M., Tian, Y., & Crossley, S. A. (2021). Exploring the relationships among cognitive and linguistic resources, writing processes, and written products in second language writing. Journal of Second Language Writing, 53, 100824.

UNESCO. (2021). Reimagining our futures together: A new social contract for education. https://unesdoc.unesco.org

UNICEF & SEAMEO. (2020). SEA-PLM 2019 Main Regional Report: Children's learning in six Southeast Asian countries. https://www.unicef.org

Lopez, M. C. (2020). Gramatikong suliranin ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan. Journal of Filipino Language Education, 5(2), 45–60.

Saavedra, L. P., & Barredo, I. T. (2020). Mga salik sa mababang antas ng pagsulat ng mga estudyante sa Filipino. Kritika Kultura, 35, 108–123.

**APA Citation:**

Galicia, L. G. (2026). PAGSUSURI SA KASANAYAN SA PAGSULAT NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 8: BATAYAN SA PAGBUO NG MODYUL SA PAGSULAT NG SANAYSAY. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(6), 926–938. https://doi.org/10.5281/zenodo.20647234

*lorelyn.galicia16@gmail.com*